BRITISH COLUMBIA

# BACKGROUNDER 1

Para sa Agarang Paglabas
2021FIN0023-000744
Abril 20, 2021

Ministeryo ng Pananalapi

## Larawan ng Ekonomiya: Pamumuhunan sa isang malakas na pagbawi ng ekonomiya para sa B.C.

Tulad ng ibang bahagi ng mundo, ang ekonomiya ng British Columbia ay nahaharap sa isang walang katulad na taon ng mga paghamon sa COVID-19 na pandemya, ngunit mayroon nang malakas na mga palatandaan sa pagbawi ng ekonomiya.

Ang Badyet 2021 ay nagsasali ng isang pinabagong pagtatayang kakulangan na $8.1 bilyon para sa 2020-21, na bumaba mula sa Taglagas 2020 na Pang-ekonomiya at Piskalyang Pinabagong pagtataya na $13.6 bilyon. Ang pagbabang ito ay dahil sa mas mataas kaysa sa inaasahang kita, kabilang ang kita sa buwis bilang isang resulta ng mga aktibidad tulad ng malakas na pagbebenta sa pabahay at mga tingi, at katamtamang pagbaba sa paggastos. Ang pamahalaan ay nakatuon sa patuloy na pagsuporta sa mga tao, mga negosyo at mga komunidad para sa isang mas malakas, mas matatag na pang-ekonomiyang hinaharap para sa B.C.

### Mga Tampok na Pang-ekonomiya

- Tinatantiya na ang tunay na GDP ng B.C. ay lumiit ng 5.3% noong 2020, at hinuhulaan na lalaki ng 4.4% sa 2021, 3.8% sa 2022 at 2.2% sa 2023.
- Kapwa ang mga pagbebenta ng tingi at bahay ay nasa itaas ng bago ang pandemyang antas sa kalagitnaan ng 2020, na sinuportahan ng mababang antas ng interes at isang pag-ikot ng mamimili tungo sa mga pagbili ng mga kalakal habang ang mga serbisyo ay nagambala, bukod sa iba pang mga kadahilanan.
- Ang mga benta sa tingian ay nakakita ng kanilang pinakamalaking buwanang pagbaba sa talaan noong Abril 2020; gayunpaman, ang mga benta sa tingian ay muling sumikad at ay nasa 15.3% na mas mataas noong Enero 2021 kaysa noong nakalipas na isang taon.
- Ang aktibidad sa pamilihan ng bahay ay naging matatag sa kabila ng pandemya, at ang buwanang mga benta ng bahay ay umabot sa mga talaang antas noong huling bahagi ng 2020 at nagpatuloy na lumago nitong 2021.
- Ang karaniwang presyo ng pagbebenta ng bahay sa B.C. ay nadagdagan ng 11.6% sa 2020 kumpara sa 2019.
- Ang B.C. ay nawalan ng isang hindi pa nangyaring bilang ng mga trabaho kasunod ang pagsisimula ng pandemya. Noong Marso 2021, nalampasan ng kabuuang trabaho sa B.C. ang mga antas bago ang pandemya, ang pinakamataas na antas ng pagbawi sa mga lalawigan; gayunpaman, ang ilang mga sektor ay naghihirap at hindi lahat ay naapektuhan sa parehong paraan.
- Tulad ng ibang bahagi ng Canada, ang B.C. ay nakaranas ng mataas na mga antas ng pagkawala ng trabaho sa simula ng pandemya noong Marso at Abril 2020. Ang antas ng pagkawala ng trabaho sa B.C. ay humigit-kumulang 8.9% noong 2020 at ang antas ng pagkawala ng trabaho para sa Marso 2021 ay 6.9%.
- Ang B.C. ay tumabla sa Manitoba para sa pangalawang may pinakamababang antas ng pagkawala ng trabaho sa Canada nang tumama ang pandemya, at sa kasalukuyan ay may pangatlong pinakamababang antas ng pagkawala ng trabaho sa Canada.

### Mga resulta ng pagpapatakbo

- Ang Ikatlong Tatluhang-buwan na Ulat ay nagtataya ng isang kakulangan sa pagpapatakbo ng $8.1 bilyon noong 2020-21.
- Ang tinatayang kabuuang kita ay $61 bilyon, at ang kabuuang tinatayang gastos ay $69.1 bilyon.
- Ang tatlong-taong plano ng pananalapi sa Badyet 2021 ay nagpapakita ng pagbaba sa mga kakulangan, na may $9.7 bilyong kakulangan sa 2021-22, $5.5 bilyon sa 2022-23 at $4.3 bilyon sa 2023-24.

- Ang $8.7 bilyon sa mga bagong pamumuhunan sa batayang badyet sa tatlong taong plano ng pananalapi ay makakatulong sa mga tao upang manatiling ligtas at malusog sa panahon ng pandemya at lumikha ng mga bagong oportunidad para sa isang pagbawi ng ekonomiya na kasali ang lahat.
- Ang mga pagtataya sa plano ng pananalapi ay may kasamang makabuluhang kahinahunan dahil sa patuloy na kawalan ng katiyakan sa kalusugan at ekonomiya, na kinabibilangan ng:
  - Isang paglalaan sa Pandemya at Pagbawi sa Hindi Inaasahang Gastos na $3.25 bilyon sa 2021-22, $1 bilyon sa 2022-23 at $300 milyon sa 2023-24 upang patuloy na pondohan ang maikling panahong mga inisyatiba upang matugunan ang mga pangangailangan sa kalusugan at pagbawi ng ekonomiya na nauugnay sa pandemya.
  - Ang paglalaan sa Pangkalahatang mga Programa sa Hindi Inaasahanag Gastos (General Programs Contingencies) ng $1 bilyon sa 2021-22, $800 milyon sa 2022-23 at $700 milyon sa 2023-24 upang tulungan na mapamahalaan ang mga hindi inaasahang kagipitan.
  - Taunang mga pataan na pagtataya ng $1 bilyon sa 2021-22, $750 milyon sa 2022-23 at $400 milyon sa 2023-24 upang magbantay laban sa pabigla-biglang mga pagbabago, tulad ng mga pagbabago ng kita.
  - Ang mga nasa isip na paglalaan ng $1.5 bilyon sa 2022-23 at $2 bilyon sa 2023-24 para sa mga presyon sa dami ng kaso at mga priyoridad na inisyatiba na maaaring mangailangan ng pagpopondo sa mga badyet sa hinaharap.
  - Ang pagtataya para sa tunay na paglago ng GDP ng B.C. na mas mababa sa pananaw na ibinigay ng Konseho sa Pagtataya ng Ekonomiya (Economic Forecast Council) (0.5 puntos sa parehong 2021 at 2022, at 0.2 na porsiyentong puntos na mas mababa sa parehong 2023 at 2024).

## Paggastos sa COVID-19

- Ang badyet 2021 ay nakatuon sa kalusugan at kaligtasan, mga suporta para sa mga tao at negosyo at paghahanda ng B.C. para sa pangmatagalang pagbawi ng ekonomiya sa pamamagitan ng $8.7 bilyon na pagtaas sa badyet at $4.6 bilyon sa Pandemya at Pagbawi sa mga Hindi Inaasahang Gastos sa loob ng plano ng pananalapi.
- Ang $3.25 bilyon sa Pandemya at mga Pagbawi sa mga Hindi Inaasahang Gastos para sa 2021-22 na mga pansuportang programa at mga serbisyo na may:
  - $900 milyon para sa nauugnay sa kalusugang pamamahala sa COVID-19.
  - $1.05 bilyon para sa mga suporta para sa mga tao at mga negosyo.
  - $200 milyon upang maghanda para sa pagbawi ng ekonomiya.
  - $1.1 bilyon na reserba upang suportahan ang anumang hindi inaasahan at mga kagyat na hakbang sa kalusugan at pagbawi.
- Noong 2020-21, ang Lalawigan ay namuhunan ng mahigit sa $10 bilyon sa COVID-19 na tulong at mga hakbang sa pagbawi. Kabilang dito ang:
  - $6.7 bilyon sa Pagtugon sa Pandemya at mga Hindi Inaasahang Gastos sa Pagbawi ng Ekonomiya upang suportahan ang mga kritikal na serbisyo, magbigay ng mga pampinansiyal na suporta at suportahan ang pagbawi ng ekonomiya.
  - $810 milyon sa mga panlalawigang kontribusyon tungo sa pederal at panlalawigang ibinahaging-gastos na mga inisyatiba ng Muling Pagsisimula (Restart) para sa transit at mga munisipalidad.
  - $3 bilyon para sa ibang pagtugon at pansamantalang mga hakbang na tulong, kabilang ang mga kredito sa buwis at mga pagbabawas.

## Paggastos sa kapital

- Ang kabuuang paggastos sa kapital na sinusuportahan ng nagbabayad ng buwis ay inaasahang magiging $26.4 bilyon sa buong plano ng piskalya. Ang plano ng kapital ay mahusay na nakaposisyon upang suportahan ang pagbawi na may mga pamumuhunan sa mga umiiral na proyekto upang ang mga tao ay makabalik kaagad sa trabaho at kabilang din ang mga pamumuhunan upang bumuo ng pundasyon ng pangmatagalang pagbawi.
- Ang tinatayang paggastos ng Badyet 2021 sa loob ng tatlong taon ay $3.5 bilyon na mas mataas kaysa sa tatlong-taong plano na nakabalangkas sa Badyet 2020 at inaasahan na lumikha ng mahigit sa 85,000 mga trabaho sa loob ng panahon ng plano ng pananalapi.

## Mga antas

- Ang utang ay inaasahan na makabuluhgang tumaas upang tustusan ang mga pamumuhunan na kinakailangan upang matiyak ang patuloy na suporta para sa mga British Columbian na nangangailangan nito at isang malakas na pagbawi ng ekonomiya para sa B.C.
- Ang utang na sinusuportahan ng nagbabayad ng buwis ng B.C. ay inaasahang magiging $71.6 bilyon sa pagtatapos ng taon ng piskalya 2021-22, $82.8 bilyon sa 2022-23, at $92.7 bilyon sa pagtatapos ng 2023-24.
- Ang panumbasan ng utang-sa-GDP na sinusuportahan ng nagbabayad ng buwis, na isang pangunahing sukatan na ginamit ng mga ahensya ng nag-aantas ng kredito, ay inaasahang mananatiling mas mababa sa 30% sa buong plano ng pananalapi, na umaabot sa 26.9% sa 2023-24.
- Sa kabila ng isang makabuluhang pagtaas sa paghiram at mas mataas na antas ng utang, ang B.C. ay bahagyang nakinabang mula sa mga mababang antas ng interes dahil sa magandang antas ng kredito ng Lalawigan.
- Bilang resulta, ang utang ng Lalawigan ay nananatiling abot-kaya, na binibigyang-kakayahan ang pamahalaan na mamuhunan ngayon upang suportahan ang mga tao at mga negosyo sa pandemya at hikayatin ang isang malakas na ekonomya.

Ang daan sa isang balanseng badyet at piskalyang napapanatili ay isang prayoridad para sa pamahalaan upang patuloy na maihatid ang mga serbisyong inaasahan ng mga tao at bumuo ng isang mas malakas, mas makatarungang hinaharap para sa lahat. Habang ang pambihirang antas ng kawalan ng katiyakan na nagreresulta mula sa patuloy na mga epekto ng pandemya ay ginagawang masyadong maaga upang tumpak na mahulaan ang isang espesipikong talaorasan para sa balanse, ang paunang pagtatasa ay nagpapahiwatig ng pagbabalik sa mga balanseng badyet sa loob ng pito hanggang siyam na taon. Ang espesipikong talaorasan, pamamaraan at plano ay ipapakita sa Badyet 2022 kapag inaasahan na ng pamahalaan ang higit na katiyakan tungkol sa landas at bilis ng pagbawi ng ekonomiya.

**Kontak:**
Mga Relasyon sa Media ng
Ministeryo ng Pananalapi
250 387-5710

---

Makipag-ugnay sa Lalawigan ng B.C. sa: news.gov.bc.ca/connect